

Unang Markahan – Modyul 3: Paglinang sa Tekstura ng Larawan



Arts – Ikatlong Baitang
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Modyul 3: Paglinang sa Tekstura ng Larawan
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: John Bill B. Juen

Editor: Neal Keith Gonzales, Reynaldo Deocampo, Arcel Gacasan

Tagasuri: Romulo A. Eliseo, Gloria C. Sabanal, Patrick John P. Peresores, Girlie U. Sale
Marlou B. Tamayo

Tagaguhit: John Bill B. Juen

Tagalapat: John Bill B. Juen, Christopher Gonzales

Tagapamahala: Allan G. Farnazo

Reynante A. Solitario

Mary Jeanne B. Aldeguer

Janwario E. Yamota

Analiza C. Almazan

Djhoane C. Aguilar

Ma. Cielo D. Estrada

Maria Perpetua Angelita G. Suelto

Jeselyn B. dela Cuesta

Reynaldo C. Deocampo

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region XI

Office Address: F. Torres St., Davao City

Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147

E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

Arts

Unang Markahan – Modyul 3:
Paglinang sa Tekstura ng Larawan

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang modyul na ito ay ginawa at sinulat para sa mga batang nasa ikatlong baitang. Ito ay magbibigay tulong sa iyo para madaling matutunan ang paglinang sa tekstura ng larawan gamit ang linya, tuldok at kulay.

Sa modyul na ito, ika'y mapapatnubayan sa pamamagitan ng mga angkop na mga gawain upang epektibong maipamalas ang likhang sining gamit ang mga kasanayan sa paggamit ng linya, tuldok at kulay.

Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang:

- natatalakay ang tekstura ng larawan gamit ang mga elementong linya, tuldok at kulay ;
- nakaguguhit ng mga larawan gamit ang mga kasanayan sa paglinang sa tekstura ng larawan ; at
- napahahalagahan ang mga kasanayan sa paggamit ng linya, tuldok at kulay sa paggawa ng larawan **(A3PL-Ic)**.



Subukin

Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. Ang visual texture ay tumutukoy sa _____.
 - a. pang-ibabaw na kaanyuan ng isang larawan.
 - b. paggupit-gupit ng papel para makabuo ng origami.
 - c. paggawa ng sock puppet.
 - d. pagguhit ng color wheel.
2. Ano-ano ang mga elemento na napabilang sa visual texture?
 - a. tint, shade at contrast
 - b. primary, secondary at tertiary colors
 - c. linya, tuldok at kulay
 - d. tunay at artipisyal na sining
3. Anong uri ng disenyo ang makikita sa larawang banga?
 - a. cross hatching
 - b. hatching
 - c. pointillism
 - d. color blending
4. Ang masining na pag-ekis-ekis nang patayo at pahalang na mga linya sa paggayak sa larawan ay tinatawag na _____.
 - a. crosshatching
 - b. hatching
 - c. pointillism
 - d. color blending
5. Alin sa sumusunod ang may disenyong pointillism?




- a.
- b.
- c.
- d.

Aralin

1

Paglinang sa Tekstura ng Larawan

Gawin nating mas malikhain ang iginuhit na larawan sa pamamagitan ng paglinang sa tekstura nito. Maaari nating pagibayuhin ang kasanayan sa paggamit ng linya, tuldok at kulay para makamit ito.




Balikan

Panuto: Gamit ang **bond paper**, iguhit muli ang dalawang larawang nagpapamalas ng ilusyong espasyo. Gamitin ang talaan ng rubrik para masukat ang kaangkupan sa ginawang obra.

1.



2.




Pamantayan	Puntos		
	3 Masining na naipamalas	2 Naipamalas	1 Hindi naipamalas
1. Naipapakita ang ilusyon sa espasyo.			
2. Kahusayan sa pagguhit			
3. Kalinisan sa ginawang obra.			


Magdisenyo tayo!

Panuto:


1. Ihanda ang sumusunod na kagamitan:
bond paper, lapis at pangkulay (krayola o **oil pastel**)
2. Gamit ang lapis, kopyahin ang larawang banga sa iyong bond paper.
3. Palamutian sa kanang bahagi ng iginuhit na larawan nang patayo at pahalang na mga linya para makabuo ng pakrus na disenyo.



4. Obserbahan ang ginawang larawan.
5. Gumuhit uli ng larawang banga at igayak naman ang mga tulduk-tuldok na hugis sa may kanang bahagi ng banga.



6. Sa ikatlong gawain, gamit ang mga krayola o oil pastel, kulayan ng dilaw ang bahaging A sa larawan, dalandan sa B, at pula sa C.



7. Punahin ang mga pagbabago ng tatlong likhang sining.




Suriin

Mayroong iba't ibang paraan para lalong pagandahin ang paglikha ng isang larawan. Epektibong nahuhubog ang paggayak sa larawan sa pamamagitan ng mga kasanayan sa pagguhit at pagkulay.



Nakapagbibigay ng mas makatotohanang anyo sa larawan ang paglinang sa **visual texture**. Ang tekstura ng larawan ay tumutukoy sa pang-ibabaw na kaanyuan na nagpapamalas ng kapal o nipis ng anyo sa pamamagitan lamang ng pagtingin dito.

Ang tekstura ng larawan ay maaaring linangin sa paggamit ng linya, tuldok at mga kulay.


Masining na pinag-ekis-ekis ang patayo at pahalang na mga linya sa paggayak ng **crosshatching**. Kapag magkalapit at makapal ang ginawang **shading**, ay mas mabigat na tekstura ang naipapamalas.



Ginagamitan ng mga tuldok ang pagdisenyo sa larawan sa paraang **pointillism**. Kapag mas marami ang dami ng tuldok, ay nakapagbibigay ng makapal na tekstura. Manipis naman kapag madalang ang dami ng tuldok.



Nabibigyan naman ng makatotohanang kaanyuan ang larawan kapag ginamitan ng angkop na mga kulay. Naipapamalas ang kahusayan sa pagguhit sa pamamagitan ng masining na paghalo ng kulay o **color blending**.



Pagyamanin

Gawain: **Landscape Artwork**

Mga gamit na dapat ihanda:


* bond paper

*lapis o **pen**

* krayola o oil pastel

Panuto sa Paggawa:

1. Kopyahin ang larawan ng Bulkang Mayon sa tatlong bond paper.
2. Gamit ang kasanayan sa tekstura, disenyuhan ng crosshatching ang unang larawan.
3. Igayak ang paraang pointillism sa ikalawang larawan.
4. Idibuho naman sa ikatlong larawan ang mga angkop na kulay mula sa krayola o oil pastel.
5. Gamitin ang talaan ng rubrik para masukat ang kaangkupan sa ginawang obra.



Pamantayan	Puntos		
	3 Masining na naipamalas	2 Nasunod ang hakbang	1 Kailangan pa ng paggabay
1. Kahusayan sa pagkopya ng larawan			
2. Naipapakita ang tekstura ng larawan			
3. Kalinisan sa ginawang obra			
4. Natapos ang gawain sa takdang oras			



Isaisip

1. Ang visual texture ay tumutukoy sa pang-ibabaw na kaanyuan ng larawan na nagpapamalas ng kapal o nipis sa pamamagitan lamang ng pagtingin dito.
2. Ang tekstura ng larawan ay maaaring linangin sa paggamit ng linya, tuldok at mga kulay.
3. Masining na pinag-ekis-ekis ang patayo at pahalang na mga linya sa paggayak ng crosshatching.
4. Ginagamitan ng mga tuldok ang pagdisenyo sa larawan sa paraang pointillism.
5. Naipapamalas ang kahusayan sa pagguhit sa pamamagitan nang paghalo ng kulay o color blending.



Isagawa

Still Life: Cup and Saucer

1. Ihanda ang sumusunod na kagamitan:
bond paper, lapis, pen at krayola o oil pastel
2. Pag-aralan ang larawang
“Cup and Saucer”.
3. Kopyahin ang larawan sa bond paper.
4. Masining na igayak ang crosshatching at pointillism sa dibuho ng baso at platito.



5. Pumili ng akmang kulay (krayola o oil pastel) at kulayan ang **background** (likurang bahagi) at **foreground** (ibabang bahagi).
6. Gamitin ang talaan ng rubrik sa susunod na pahina para masukat ang kaangkupan sa ginawang obra.

Pamantayan	Puntos		
	3 Masining na naipapamalas	2 Nasusunod ang hakbang	1 Kailangan pa ng paggabay
1. Kahusayan sa pagkopya ng larawan			
2. Naggagamit ng ay kahusayan ang mga elemento ng tekstura ng larawan			
3. Kalinisan sa ginawang sining			
4. Natapos ang gawain sa takdang oras			



Tayahin


Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot. Gawin ito sa iyong sagutang papel



1. Ang larawan na nasa itaas ay nagpapakita ng kaugaliang Pilipino na _____.
 - a. Clean and Green
 - b. Bayanihan
 - c. Piyesta sa Bayan
 - d. Brigada Eskwela
2. Batay sa larawan na nasa itaas, ano-anong mga elemento ng visual texture ang nakikita?
 - a. tint, shade at contrast
 - b. primary, secondary at tertiary colors
 - c. linya, tuldok at kulay
 - d. parisukat, tatsulok at bilog
3. Ito ay tumutukoy sa pang-ibabaw na kaanyuan ng larawan na nagpapamalas ng kapal o nipis sa pamamagitan lamang ng pagtingin dito.
 - a. logo
 - b. visual texture
 - c. landscape painting
 - d. variation
4. Anong uri ng disenyo ang makikita sa larawang banga?
 - a. cross hatching
 - b. hatching
 - c. pointillism
 - d. tint



5. Mas mabigat na tekstura ang nakikita kapag ang mga linya ay ____.
- a. dikit-dikit at makapal
 - b. manipis at madalang
 - c. malayo sa isa't isa
 - d. pahilis at pakurba



Karagdagang Gawain

1. Maghanda ng bond paper, lapis, pen at mga pangkulay.
2. Lumabas ka sa inyong bahay at magmasid sa paligid.
3. Pumili ng naaangkop na tanawin at iguhit.
4. Masining na igayak ang visual texture sa pamamagitan ng crosshatching, pointillism at color blending sa dibuho.
5. Gawan ito ng pamagat.
6. Pagkatapos gawin, ipakita sa iyong mga magulang o nakatatanda na maaari mong hingian ng puna sa ginawa.
7. Gamiting muli ang rubrik sa Isagawa sa pagsukat ng puntos.



Subukin 1. A 2. C 3. D 4. A 5. C	Tayahin 1. B 2. C 3. B 4. C 5. A
--	--

Sanggunian

Amit, Adolfo S. , Canor, Larry, Castro, Benjamin M. , Nelson Lasagas, Nelson, Ledesma, VI-Cherry C. ,. Montañez, Cynthia T. 2014, 2016, 2017 *Music, Art, PE and Health 3, Kagamitan ng Mag-aaral Sinugbuanong Binisaya*, Department of Education- Bureau of Learning Resource (DepEd-BLR), Book Media Press, Inc. , 21 E. Boni Serrano Ave., Quezon City

Amit, Adolfo S. , Canor, Larry, Castro, Benjamin M. , Nelson Lasagas, Nelson, Ledesma, VI-Cherry C. ,. Montañez, Cynthia T. , 2015, *Music, Art, PE and Health 3 Teacher's Guide*, Department of Education- Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS), Rex Bookstore, Inc.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex

Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph